PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 36 OCTOBER 31 - NOVEMBER 6, 2022 10.00

# Cavite provincial, local governments recognized in Competitiveness Summit

**TRECE MARTIRES, Cavite (PIA) – The provincial government of Cavite and several cities and municipalities received recognition in the recently concluded 10th Cities and Municipalities Competitiveness Summit held at the Philippine International Convention Center (PICC).**

This year's summit with the theme: "A Decade of Excellence: Championing Innovation to Sustain Competitiveness" highlights Innovation, being the 5th Pillar of Cities and Municipalities Competitiveness Index (CMCI), a vital key to a more efficient, sustainable, and productive locality.

The Provincial Government of Cavite ranked second Competitive Province after Rizal province, a big jump from 5th place in 2021.

Likewise, two local government units in the province were also recognized for competitiveness: the Municipality of General Emilio Aguinaldo as Top 1 Most Competitive in Economic Dynamism (5th – 6th Class Municipality) while the city of Tagaytay as Top 3 Most Competitive in Government Efficiency (Component Cities).

Meanwhile, the city of Dasmariñas ranked Top 7 Component City, and the municipality of Carmona ranked Top 8 Component Municipality.

Rankings of Cities and Municipalities are based on the sum of their scores on 5 Pillars: Economic Dynamism, Government Efficiency, Infrastructure, Resiliency, and Innovation. Provincial rankings are based on population and an income-weighted average of the Overall scores of cities and municipalities under a province.

The CMCI is an annual ranking of Philippine cities and municipalities, a total of 1,634 LGUs in all, and was developed by the National Competitiveness Council through the Regional Competitiveness Committees (RCCs) with the assistance of the United States Agency for International Development. (Ruel Francisco with reports from DILG-Cavite/Cavite Provincial Information Office)




## MGA GURO NG ROSARIO, IPINAMALAS ANG MGA LIKHANG RECYCLE AT SUSTAINABLE COSTUMES





Kamakailan ay pinagdiwang ng SM City Rosario ang 15th Tinapang Salinas Festival, na nagpapakita ng mga costume na gawa sa recyclable at sustainable materials na isinuot ng mga guro sa Rosario, Cavite.

Ang Tinapang Salinas Festival ay ipinagdiriwang taun-taon sa inisyatibo ng Toursim Office ng Rosario, Cavite.

Ito ay ipinagdiriwang upang isulong at ipagmalaki ang pinausukang isda na tinatawag na Tinapang Salinas, na lokal na produkto ng bayan, at upang ipahayag ang pasasalamat sa masaganang produksyon nito.

## Cavite Police Provincial Office nagsagawa ng seminar para sa PIOs

LUNGSOD NG GENERAL TRIAS, Cavite (PIA) – Nilahukan ng mga nakatalagang public information officer ng iba't ibang istasyon ng Cavite Police Provincial Office ang pagsasanay na 'Empowering Public Information Officers' nitong ika-19 ng Oktubre sa The Bayleaf Hotel, Brgy. Manggahan, General Trias City.

Pinangunahan ni Cavite Police Director Col. Christopher F. Olazo ang gawaing kaugnay ng pagtataguyod ng Peace and Security Framework na "Malasakit, Kaayusan, Kapayapaan tungo sa Kaunlaran" o M+K+K=K.

Layunin ng pagsasanay na lalo pang mapatibay ang pagtutulungan sa pagitan ng mga miyembro ng media at ng Philippine National Police sa pagbibigay ng tama at mapagkakatiwalaang impormasyon sa publiko.



Kasama sa mga tinalakay ay ang 'Strengthening One's Strength as Public Information Officer' ni Willy Perez, host ng Professor on Air ng Radyo Pilipino; 'Basic News Writing' ni Deputy Regional Head Kier Gideon Paolo Gapayao ng Philippine Information Agency CALABARZON at 'Television Interview: Setting the Phase for Effective Public Information Dissemination' ni Rossel Calderon ng GMA News and Public Affairs at siya ring presidente ng Cavite Press Corps.

## *MALIGAYANG PAGDATING SA CORREGIDOR ISLAND ??????*






Pormal nang naitayo ng pamahalaang lungsod ng Cavite ang Welcome Marker ng Corregidor Island.

Binisita ito kamakailan ni Mayor Denver Chua kasama sina Cavite First District Representative, Jolo Revilla, Board Member Davey Reyes-Chua, at iba pang opisyales ng pamahalaang lungsod, kasabay ng pagtatayo ng Welcome Marker na tanda na bahagi ng lungsod ang Corregidor Island.

Ininspeksyon din ng alkalde ang ilang proyekto na kasalukuyang ginagawa kagaya ng road widening, expansion of airstrip, at multi-purpose hall para sa muling pagbubuhay ng naturang tourist destination. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, Denver Chua

ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com



## *Kumain ng Malunggay*

### Payo ni Doc Willie Ong

Alam ba ninyo na napakasustansya ng malunggay? Bukod sa gulay ng malunggay, marami din ngayong nagbebenta ng malunggay bread, malunggay noodles at iba pang pagkain na may sangkap na malunggay.

Very healthy ang malunggay at madali lang itanim. Ang sabi nga ng mga negosyante ay baka malunggay ang magpalakas ng ekonomiya ng Pilipinas. Alamin natin ang galing ng malunggay.

Madaming Bitamina

Ang dahon ng malunggay ay punong-puno ng calcium at iron. Ang calcium ay nagpapatigas ng ating buto at panlaban sa osteoporosis. Kung ikaw naman ay anemic o kulang sa dugo, sagana ang malunggay sa iron na nagpapadami ng ating dugo.

Mataas din sa protina, potassium, vitamin A at vitamin C ang malunggay. Ang mga bitaminang ito ay tinatawag na anti-oxidants. Ito yung lumalaban sa stress at nagpapabagal sa pag-edad ng ating katawan.

Kumpara sa ibang prutas at gulay, ang malunggay ay may mas maraming bitamina. Super-gulay talaga ang malunggay. Ang problema lang ay dapat masanay ang bata na kumain nito.

Ang prutas ng malunggay ay masustansya din at mataas sa carbohydrates, calcium, iron at phosphorus.

At dahil sa bitamina nito, ang malunggay ngayon ang pinapakain sa mga payat at malnourished na bata. Mura at masustansya ang malunggay. Puwedeng-puwede sa mga feeding program ng gobyerno at mga volunteer groups.

Para sa Maysakit

1. Pampalakas ng katawan - Kumain ng 1 tasang dahon ng malunggay araw-araw para mapunuan ang bitaminang kailangan ng katawan.

2. Pampadami ng gatas ng ina - Kapag kulang ang gatas ng ina, kumain din ng 1 tasang dahon araw-araw. Puwede din pakuluan ang dahon at gawing tsaa at inumin.

3. Para sa constipated - Kapag ika'y tinitibi, kumain din ng 1-2 tasang dahon sa gabi. Makatutulong ito sa pag-normal ng iyong pagdudumi.

4. Itapal sa sugat - Kapag ika'y may sugat, puwedeng ilagay ang dinurog na malunggay leaves sa sugat. Hugasan muna ang dahon at durugin ito. Lagyan ng konting tubig at initin. Pagkatapos ay ilapat ang malunggay "paste" sa sugat.

Marami pang galing na tinatago ang malunggay. Kaya magtanim na ng malunggay sa inyong bakuran. Alamin kung paano gagawing negosyo ang malunggay. Good luck.

## URBAN AND HYDROPONIC GARDENING, ISINUSULONG NG GULAYAN SA KABAYANAN PROGRAM ????




CARMONA | Inilunsad kamakailan ang Gulayan sa Kabayanan Program o Urban and Hydroponic System ng lokal na pamahalaan sa pangunguna ng Municipal Agriculture Office.

Kasama sina Mayor Dahlia Loyola at mga miyembro ng Sangguniang Bayan, dito natunghayan ang makabagong paraan ng pagtatanim na environment-friendly, at ergonomic na makakatulong para sa urban farming activities sa pamamagitan ng hydroponic farming na hindi gumagamit ng lupa at makakatipid sa tubig. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, Dr. Dahlia A. Loyola


Angel's HAMBURGER Ang Burger ng Bayan

ARMYNAVY BURGER + BURRITO

# EDITORYAL

## Mag-face mask pa rin para makasigurong ligtas

Ngayong araw na ito posibleng mag-isyu si President Ferdinand Marcos Jr. ng executive order na gagawin nang voluntary ang pagsusuot ng face mask sa mga nasa loob ng establisimento-, tanggapan, mall, restoran, maliban na lang sa mga nasa pampublikong sasakyan at mga ospital. Hindi na oobligahin at nasa indibiduwal na ang pagpapasya kung magsusuot ng face masks o hindi.




Ang boluntaryong hindi pagsusuot ng face mask ay inirekomenda ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Nagkaroon ng Cabinet meeting noong Martes at sumang-ayon si President Marcos Jr. na gawin nang boluntaryo ang pagsusuot ng face mask sa mga nasa loob ng tanggapan o opisina sa buong bansa.

Ayon kay Tourism Sec. Christina Frasco, ang boluntaryong pagsusuot ng face mask ay malaki ang maitutulong para makahikayat ng mga dayu-hang turista at investors. Malaki aniya ang magagawa sa pagpapaunlad ng turismo kung hindi na sapilitan ang pagsusuot ng face mask.

Marami nang bansa sa Southeast Asia ang nag-luwag sa restrictions gaya nang hindi pagsusuot ng face mask at pag-aalis sa mandatory COVID testing. Halimbawa sa Thailand, maluwag nang nakakapasok ang mga turista kaya buhay na buhay na umano ang turismo roon. Sabi pa ng tourism secretary, marami na umanong dayuhan ang nagsisidatingan sa bansa sa kasalukuyan.

Isa sa mga pinangangambahan sa boluntaryong pagsusuot ng face mask ay ang pagkalat ng Omicron XBB variant at XBC variant. Ayon sa Department of Health may naitatalang local transmission ng mga nasabing variant. Isa rin sa pinangambahan ay ang paparating na Kapaskuhan kung saan marami na naman ang naghahanda para sa party at iba pang kasayahan. Marami rin ang family reunion sa panahong ito.

Mas maganda kung ituloy pa rin ang pagsusuot ng face mask lalo sa lugar na maraming tao o maski sa opisina. Mabuti nang nakasisiguro. Kailangan ay may proteksiyon.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# GUHIT NG KAPALARAN

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Huwag mag-init ang ulo o maging emosyonal dahil puputaktihin ka ng trabaho. Ngayon maipapakita ang kaalaman at kahusayan na haha-ngaan ng kasamahan o ng iyong boss. Matiwasay na magagampanan ang tungkulin kung iiwasan ang tsismis. Lucky numbers at color for the day ang 5, 7, 13, 31 at tangerine.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Kailangan ang disiplina dahil magiging mainit ka sa pag-ibig. Pag-aralan at pag-isipan ng mabuti ang mga bagay-bagay. Lucky numbers at color for the day ang 4, 5, 32, 42 at ocean blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Iwasan ang hindi inaasahang panauhin dahil may dalang tsismis na makakapagpainit ng ulo. Lucky numbers at color for the day ang 16, 18, 29, 39 at jade green.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Magpakahinahon, timbangin at pag-isipan ng mabuti bago magsalita o humatol para maiwasan ang magkamali. Lucky numbers at color for the day ang 4, 10, 16, 33 at pink.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Magiging maswerte sa anumang uri ng negosyo kung sisimulan. Malakas at malaki ang kikitain kung freelancer. Lucky numbers at color for the day ang 9, 10, 24, 37 at blue sapphire.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) Ang pagkakaisa sa tahanan at opisina ay tawag ng panahon. Ang hindi pagkakaunawaan ay masosolusyunan. Lucky numbers at color for the day ang 14, 15, 33, 42 at white.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) May gantimpalang naghihintay sa pagbibigay ng tulong sa tamang tao na mapagbibigyan. Magi-ging maswerte sa business. Lucky numbers at color for the day ang 3, 8, 28, 38 at dollar green.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) Ang gawain na hindi napansin noon ay may daan na matatapos ngayon. Malakas ang magneto ng pakikipagsapalaran. Lucky numbers at color for the day ang 2, 7, 12, 27 at beige.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Huwag ipagwalang bahala ang responsibilidad. Harapin ng buong tatag at pananagutan ang desisyon. Lucky numbers at color for the day ang 2, 7, 17, 37 at aquamarine.

LEO : (Hul. 23-Ago. 22) Iwasan na mag-init ang ulo. Maging mahinahon dahil magiging mabangis ang iyong pagkatao. Lumayo sa gulo. Lucky numbers at color for the day ang 4, 10, 33, 40 at scarlet.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Bagay ngayon ang pakikisalamuhang sosyal. Huwag paalpasin kung may paanyayang matatanggap. Lucky numbers at color for the day ang 9, 13, 37, 38 at maroon.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Masakit man sa kalooban, mapaglalabanan ang gustong bilhin dahil sa kakapusan ng pera. Unahin ang kailangan. Lucky numbers at color for the day ang 18, 19, 33, 42 at yellow.

# Gov't, LGUs must recognize needs of vulnerable sectors: PBBM

MANILA – President Ferdinand R. Marcos on Thursday reminded officials and employees in the national and local government units (LGUs) to recognize the needs of vulnerable sectors most affected by the Covid-19 pandemic and inflation.

"Kailangan kahit papaano na kilalanin ng national government at saka ng mga local government na ang ating --- na kayo ay may pangangailangan pa rin. At hindi pa kumpleto na makatayo sa inyong sariling paa sa ngayon (It is necessary for the national and local governments to recognize that you still have needs. And that you still can't completely stand on your own at the moment)," he said in his speech at the distribution of financial assistance and livelihood aid during his visit to Davao City.

Marcos expressed hope that the financial assistance distributed to beneficiaries would "somehow mitigate the shocks" brought about by the rising prices of basic goods and commodities.

He also assured that his administration is prioritizing efforts to boost initiatives to transform the economy and create more jobs for Filipinos.

"Darating din tayo doon. Dahan-dahanin natin at gawin natin ang lahat para maging mas matibay ang hanapbuhay, maging mas matibay ang ekonomiya, maging mas maganda at mas malinaw ang ating kinabukasan dito sa Pilipinas (We'll get there eventually. Let's do it slowly and do everything to strengthen livelihoods, strengthen the economy, and make a better future here in the Philippines)," he added.

Among the assistance provided were checks under the Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers Emergency Employment Program worth PHP183 million, which were given by the Department of Labor and Employment to eight beneficiary-barangays.

The Department of Social Welfare and Development distributed food packs and PHP5,000 each to 500 beneficiaries under the Assistance to Individuals in Crisis Situation program.

Checks amounting to PHP5.5 million each for 20 recipients were also awarded by the Department of Agriculture under the Integrated National Swine Production Initiatives for Recovery and Expansion program, which aims to speed up the recovery of the hog sector from the African swine fever.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 90**
**DASMARIÑAS CITY, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**(Otherwise known as PAG-IBIG Fund),**
Petitioner/Mortgagee,
-versus-
**ROSELLER B. CALIMLIM married to**
**JASMIN A. CALIMLIM**
Respondent/Mortgagor.
**FILE No. FC-DC-0450-22**
**EXTRA JUDICIAL FORECLOSUREWhy Carmona in Cavite is set to lose title as Philippines' richest municipality**
**OF REAL ESTATE MORTGAGE**
**UNDER ACT 3135, AS AMENDED BT ACT 4118**
**x----------------------------------------------x**

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the petitioner/mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as PAG-IBIG Fund),** a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679, with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil J. Puyat Avenue, Makati City against the respondents/mortgagors, **ROSELLER B. CALIMLIM married to JASMIN A. CALIMLIM** with postal address at (1) 294 Unsang Dirita, Iba, Zambales (2) Lot 28, Block 5, Tierra Vista, Ayana, Langkaan I, Dasmariñas, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of August 31, 2022 amounts to **SEVEN HUNDRED THIRTY NINE THOUSAND THREE HUNDRED FORTY ONE PESOS AND 12/100 (P739,341.12)** exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **November 29, 2022 at 10 o'clock** in the morning or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing theron, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 057-2021014264**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF LANGKAAN 1, CITY OF DASMARIÑAS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

**LOT NO. 28 BLOCK NO. 5 PLAN NO. PCS-04-228067**
**PORTION OF:** LOT 3866-NEW-B-3, PSD-04-225000; LRC REC. 8843
**LOCATION:** BARANGAY OF LANGKAAN 1, CITY OF DASMARIÑAS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of

**BOUNDARIES**:

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NW | LOT 63, BLOCK 1, (PARKS & PLAYGROUND), PSD-04-228067 |
| 2-3 | NE | LOT 29, BLOCK 5, PSD-04-228067 |
| 3-4 | SE | ROAD LOT 1, (12.00 M. WIDE) PSD-04-228067 |
| 4-1 | SW | LOT 27, BLOCK 5, PCD-04-228067 |

**TIE POINT: MON. NO. 154, IMUS ESTATE**

| LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|
| TO CORNER 1 | N. 62 * 12 E | 963.33 M. |
| 1-2 | N. 62 * 34 E | 4.00 M. |
| 2-3 | S. 27 * 26 E | 12.50 M. |
| 3-4 | S. 62 * 34 W | 4.00 M. |
| 4-1 | N. 27 * 26 W | 12.50 M. |

**AREA: FIFTY SQUARE METERS (50), MORE OR LESS**

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrances thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **December 13, 2022,** at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Province of Cavite, October 18, 2022

**ARLYN P. BARCELONA**
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Raffle Date of Judicial Notices: October 14, 2022

**Copy Furnished:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**(Otherwise known as PAG-IBIG Fund)**
Petron Mega Plaza Bldg, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City
**MARIA VICTORIA D. CAPIRAL**
**c/o ATTY. MAYBELLE**
**JOY E. BERNALES**
Bldg., #2 Malakas cor., Mapagmahal St.
Brgy. Pinyahan, Quezon City

**ROSELLER B. CALIMLIM married TO JASMIN A. CALIMLIM**
(1) 294 Unsang Dirita, Iba, Zambales
(2) Lot 28, Block 5, Tierra Vista, Ayana, Langkaan I, Dasmariñas, Cavite

**Notice posted at:**
1. The Bulletin Board of Regional Trial Court, Dasmariñas City, Cavite
2. The Bulletin Board of Dasmariñas City Hall
3. The Bulletin Board of Dasmariñas City Post Office
4. The Bulletin Board of Dasmariñas City Public Market

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial Sale on or before the date of sale

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**October 24, 31 & November 7, 2022**

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 36 OCTOBER 31 - NOVEMBER 6, 2022 10.00

## GULAYAN SA KABAYANAN URBAN HYDROPONIC SYSTEM, INILUNSAD SA CARMONA




Inilunsad kamakailan ang Gulayan sa Kabayanan Program o Urban and Hydroponic System ng lokal na pamahalaan sa pangunguna ng Municipal Agriculture Office.

Kasama sina Mayor Dahlia Loyola at mga miyembro ng Sangguniang Bayan, dito natunghayan ang makabagong paraan ng pagtatanim na environment-friendly, at ergonomic na makakatulong para sa urban farming activities sa pamamagitan ng hydroponic farming na hindi gumagamit ng lupa at makakatipid sa tubig. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, Dr. Dahlia A. Loyola

## *Ilang gamot sa ubo para sa mga bata, kontaminado – FDA*



Nagbabala ang Food and Drug Administration (FDA) sa publiko laban sa pag-inom o pagkonsumo ng apat na gamot na gawa sa India na naglalaman ng "harmful substances" na maaari umanong humantong sa kamatayan.

Sa inilabas na advisory ng FDA noong Oktubre 21, tinukoy ng FDA ang mga "substandard" na produkto bilang Promethazine Oral Solution BP, Kofexmalin Baby Cough Syrup, MaKOFF Baby Cough Syrup, at MaGrip n Cold Syrup na lahat ay gawa ng kumpanyang nakabase sa New Delhi na Maiden Pharmaceuticals Ltd.

Tinukoy ng ahensya ang isang lot number sa bawat isa sa apat na gamot, ngunit sinabing lahat ng batch ng mga produktong ito ay dapat ituring na hindi ligtas hanggang sa mapatunayan ng regulatory authorities.

Sinabi ng FDA na ang mga produkto ay naglalaman ng diethylene glycol at ethylene glycol na nakakalason sa tao kapag nainom.

Ipinaliwanag nito na ang mga contaminant na ito ay maaaring magdulot ng pananakit ng tiyan, pagsusuka, pagtatae, kawalan ng kakayahan sa pag-ihi, pananakit ng ulo, pagbabago ng estado ng pag-iisip at talamak na pinsala sa bato na maaaring magresulta sa kamatayan.

Nakasaad rin sa advisory nito na ang mga gamot ay hindi nakarehistro sa ahensya at hindi pa ginagarantiyahan ng manufacturer ang kaligtasan at kalidad ng mga produkto nito sa WHO.

"It is important to detect and remove these products from circulation to prevent harm to patients," ayon sa FDA.

Hinimok din FDA ang mga local government units na kumilos patungkol sa usapin.

## 250 SOLO PARENTS NG CARMONA, DUMALO SA CARMONA SOLO PARENTS CONGRESS 2022




Isinagawa kamakailan ang Carmona Solo Parents Congress 2020 sa pangunguna ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) ng bayan.

Sa naturang aktibidad, nasa 250 Solo Parents ang dumalo kung saan tinalakay ang kahalagahan ng Republic Act 11861 o Expanded Solo Parents Welfare Act.

Bukod sa pagbibigay kaalaman sa kanilang karapatan, tumanggap rin sila ng rice packs at vitamins na handog ng LGU.

"Patuloy nating papahalagahan at bibigyang suporta ang bawat solo parents sa ating Bayan at ating sisiguraduhing masasalamin ang kanilang mga pangangailangan sa ating mga programa," mensahe ni Mayor Dahlia Loyola.

Source/Photos: Dr. Dahlia A. Loyola/FB




## Municipality of Carmona, Cavite
## Calling all career seekers!




Inaaanyayahan ang lahat sa gaganaping 2ND JOB FAIR 2022 na gaganapin sa Carmona Community Center (C3), Cabilang Baybay, Carmona, Cavite sa NOBYEMBRE 9, 2022, MIYERKULES, 8:00 AM - 3:00 PM.

Iba't-ibang local companies at overseas agencies ang magpa-participate sa ating job fair. Sa lahat ng mga interesadong aplikante, basahing mabuti ang mga PAALALA sa post na ito ng PESO Carmona, Cavite.